Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Mga Himala ni Hesus

Sinulat ni: Edward Hughes
Ilinarawan ni: Byron Unger at Lazarus
Ibinagay ni: E. Frischbutter at Sarah S.
Isinalin ni: Christine Cornejo
Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2011 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento, kung hindi ninyo ipagbibili.

Si Hesus ay maraming ginawang mga himala. Ang Kanyang mga himala ay palatandaan na si Hesus ay Anak ng Diyos. Ang unang himala ay naganap sa isang pista ng kasal. Hindi sapat ang alak para sa lahat ng tao.

Sinabi ni Maria, ang ina ni Hesus, ang tungkol sa problema. At sinabi ni Maria sa mga tagapaglingkod na gawin ang anumang sasabihin ni Hesus.



"Punan ang mga palayok ng tubig," sinabi ni Hesus. "Tubig?" sila ay nagtanong. Oo, tubig ang hiniling ni Jesus.



Sinabi ni Hesus, "Sumalok kayo sa palayok at dalhin ninyo sa namamahala ng handaan". Ang tubig ngayon ay alak! Masarap na alak! Ang pinakamasarap na alak!

Ang mga tagapaglingkod ay namangha. Ginawa ni Hesus na ang tubig ay maging alak. Tanging Diyos lang ang maaaring makagawa ng gayong himala.



Si Hesus ay may iba pang mga himala.
Isang gabi, Siya at ang kanyang mga
alagad ay nagpunta sa bahay ni Pedro.
Ang biyenang babae ni Pedro ay
may mataas na lagnat.

Hinipo ni Hesus ang kamay ng babae.
Sa isang sandali siya ay naging mabuti
muli. Siya ay bumangon at pinaglingkuran
si Hesus at ang mga alagad.



Tila ang buong lungsod ay nagtipon sa pintuan ng gabing iyon. Mga taong may sakit - bulag, bingi, pipi, pilay. Kahit ang mga nasapian ng demonyo ay lumapit kay Hesus. Maari Niya bang matulungan ang lahat ng mga ito?

Si Hesus, na Anak ng Diyos, ay makakatulong. At Siya ay tumulong. Lahat ng lumapit sa Kanya ay napagaling. Ang mga tao na may saklay ay maari ng lumakad at tumakbo at tumalon.



Ang ibang lumapit ay mga taong madumi at may ketong.

Sila ay naging buo at malinis ng hipuin ni Hesus.

Mga kalalakihan at kababaihan na may sapi ng mga demonyo ay humarap kay Hesus. Iniutos Niya ang mga demonyo na umalis sa kanila. Sumunod at natakot ang mga demonyo. At ang mga tao ay naging kalmado at masaya muli.

Pumunta kay Hesus ang apat na tao na pasan-pasan ang isang paralitiko. Ngunit hindi sila makalapit kay Hesus dahil sa dami ng tao.
Ano ang maaari nilang gawin?



Binalak ng apat na tao na butasan ang bubong sa tapat ni Hesus. Kanilang inihugos ang higaan na kinararatayan ng paralitiko. Ngayon siya ay malapit na kay Hesus.

Nang makita ni Hesus ang kanilang pananampalataya, sinabi niya sa paralitiko, "Anak, pinatawad na ang mga kasalanan mo. Tumindig ka, buhatin mo ang iyong higaan." Ang paralitiko ay napagaling ni Hesus.


Sa lalong madaling panahon, si Hesus ay nasa isang bangka kasama ang mga alagad. Nagkaroon ng isang malakas na bagyo. Si Hesus ay natutulog. Lumapit sa Kanya ang mga alagad at ginising Siya. Sinabi nila, "Panginoon, iligtas mo kami, napapahamak kami."

Sinaway ni Hesus ang hangin at alon ng tubig. At nagkaroon ng isang malaking katahimikan. Sinabi ng mga alagad sa isa't isa, "Sino ang taong ito na maging ang hangin at dagat ay tumatalima sa kaniya?" Hindi lingid sa kaalaman ng mga alagad, mas higit at malalaking himala pa ang masasaksihan



nila kay Hesus, bilang tagapaglingkod ng Diyos sa lahat ng tao.



Mga Himala ni Hesus

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Mateo 8-0, Marcos 1-2, Marcos 4,
Lucas 4, Lucas 8, Juan 2

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16